

Bakuna laban sa COVID-19: Matapos kang mabakunahan

Ano ang maaari mong maramdaman	Ano ang makatutulong?	Kailan ito maaaring magsimula
Pananakit sa bandang ininiksiyunan, sakit ng ulo at pakiramdam ng pagkapagod at pagkahapo. Ang mga ito ang pinaka-karaniwang mga side effect na naiulat.	Magtapal ng malamig, basang tela, o ice pack sa bandang ininiksiyunan nang sandali lamang. Huwag kuskusin o masahihin ang bandang ininiksiyunan.	Sa loob ng 6 hanggang 24 na oras
Ang pananakit ng kalamnan, masamang pakiramdam, pangigingi, lagnat, pananakit ng kasukasan, at pagkaliyo ay maaari ring maramdaman.	Magpahinga at uminom ng maraming tubig at iba pa. Maaaring uminom ng paracetamol o ibuprofen, sundin ang mga tagubilin ng gumawa. Humingi ng payo mula sa iyong propesyonal ng kalusugan kung lumala ang iyong mga sintomas.	Sa loob ng 6 hanggang 48 oras

Katulad ng lahat ng mga gamot, ang bakuna ay maaaring magdulot ng mga side effect sa ilang mga tao. Ito ay normal na pagtugon ng katawan at nagpapakita na gumagana ang bakuna.

Ang mga side effect ay karaniwang banayad lamang, hindi nagtatagal, at hindi pipigil sa iyo upang kumuha ng ikalawang dosis o magpatuloy sa iyong pang-araw-araw na buhay.

Ang mga side effect ay maaaring mas karaniwan makaraan ang iyong ikalawang dosis ng bakuna.

Ang mga malulubhang allergic reaction ay maaaring mangyari ngunit lubhang madalang ang mga ito. Ang mga tagapagbakuna sa New Zealand ay sinanay upang pamahalaan ang mga ito. Ang ilang mga side effect ay pansamantalang makakaapekto sa iyong kakayahang magmaneho o gumamit ng makinarya. Sakaling mangyari ang di-inaasahang ganito, talakayin lamang ito sa iyong tagapag-employo.

Kung ikaw ay dumaranas ng mga sintomas na maaring kaugnay sa COVID-19, gaya ng panibagong sunud-sunod na pag-ubo, mataas na temperatura/lagnat, kawalan o pagbabago sa iyong karaniwang pang-amoy o panlasa, manatili sa bahay at magpasuri para sa COVID-19.

Kung ikaw ay may di-inaasahang reaksyon sa iyong pagbabakuna laban sa COVID-19, dapat itong iulat sa Centre for Adverse Reactions Monitoring (CARM) ng iyong tagapagbakuna o propesyonal ng kalusugan.

Maaari mo ring iulat ang anumang di-inaasahang mga reaksyon gamit ang kanilang online na form sa pag-uulat sa website ng CARM: otago.ac.nz/carm.

Kung hindi mo tiyak ang tungkol sa iyong mga sintomas o kung lumalala ang mga ito, makipag-usap sa iyong GP o tawagan ang Healthline sa **0800 358 5453**.

Kung ikaw ay kagyat na nag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan, tumawag sa **111** at tiyaking sasabihin mo sa kanila na ikaw ay nabakunahan na laban sa COVID-19 upang matasa ka nila nang mabuti.

Tumutulong din ang mga bakuna upang protektahan ang mga tao, anuman ang edad, laban sa iba pang mga nakahahawang sakit, tulad ng tigdás at trangkaso.

Tiyaking nasapanahon ka at ang iyong whānau sa inyong pagbabakuna sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa inyong tagapagbigay ng kalusugan.

Bumisita sa health.govt.nz/immunisation para sa karagdagang impormasyon.

Kailangan mong maghintay ng mga dalawang linggo man lamang makaraan ang iyong ikalawang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 bago ka kumuha ng anumang iba pang mga bakuna.

New Zealand Government

Unite
against
COVID-19

 **MINISTRY OF
HEALTH**
MANATŪ HAUORA